Interchange

Ang mga serbisyo ng **Interchange** ay para sa mga kabataang maykapansanan at kanilang mga pamilya.

Sa ***Interchange***, ipinapareha namin ang isang bata o kabataang maykapansanan sa isang indibidwal o pamilyang gustong mag-alaga sa kanila. Ang pag-aalaga ay maaaring gawing regular: sa isang araw, isang gabing pagtulog o isang Sabado t Linggo sa isang buwan. Ang mga pamilyang nagbibigay ng pag-aalaga ay walang bayad nitong ginagawa. Ang tawag namin nitong pamilya ay ***Host family***. Ginagawa nila ang serbisyong ito dahil sa kagandahang kalooban. at hindi sila nagpapabayad sa kanilang serbisyo.

Ang mga ibang ahensiya ng ***Interchange*** ay nagbibigay din ng mga masasaya at nakalilibang na mga gawain katulad ng mga pagkakampo, pamamasyal kapag walang eskuwela at mga pangkat para sa mga kabataang maykapansanan. Katulad ng ***Host*** na pamilya, walang bayad sa mga serbisyong ito ngunit maaaring may mga pagkakagastusan. Tinutulungan ang mga bata at kabataan sa kanilang mga gawain ng mga kawaning may sahod at mga boluntaryong gusto lamang makatulong.

Ang mga benepisyo sa mga kasali sa mga programa ng ***Interchange*** ay:

- Para sa mga kabataan, nagbibigay ito ng mga pagkakataong magkaroon ng mga bagong kaibigan at mga kakayahan sa pakikitungo. Ang mga kabataang maykapansanan ay gustong-gustong magkakaroon ng mga kaibigan at may mga karanasang magbibigay sa kanila ng mga pagkakataong makakapagsarili.
- Para sa pamilya ng kabataang maykapansanan, magkakaroon ng kapanagang-loob dahil alam nila na ang mga nasanay at interesadong taong maaalahanin sa kapakanan ng kanilang anak ang nag-aalaga nito. Gayundin, ang mga serbisyo ng ***Interchange*** ay maaaring nagbibigay sa pamilya ng maykapansanang bata ng kinakailangang pahinga.
- Para sa indibidwal o pamilyang nag-aalaga sa kabataan — ang ***Host*** — ang kanilang buhay ay gumanda dahil sa pagkikipagkaibigan sa kabataang maykapansanan at sa kanyang pamilya at nakikibahagi sila sa kapakanan ng komunidad.
- Sa ***Interchange***, lahat na kasali ay may biyaya!

Ang mga serbisyo ng ***Interchange*** ay tinutustusan ng gobyerno ng Estado at Komonwelt at ito ay pinapatakbo ng mga propesyonal na may mahigit dalawampong taong karanasan.

Lahat ng mga tagapag-alaga ng ***Interchange*** ay piling-pili at sinanay upang matiyak na sila ay karapat-dapat na mag-alaga sa mga kabataang maykapansanan.

Sa ***Interchange***, gusto naming pag-isipan ninyo ang mga sumusunod:

- Kung mayroon kayong batang maykapansanan, kinakailangan ba ninyo ang serbisyong ito?
- Interesado ba kayong maging isang ***Host*** na pamilya?
- Gusto ba ninyong maging isang superbisor ng mga paglilibang katulad ng pamamasyal sa araw o sa programa ng pagkakampo?

Ang ***Interchange*** ay naniniwala sa pagkakaroon ng maramihang-kulturang
Victoria.

Kung kayo ay interesado sa programa ng ***Interchange*** tawagan kami sa 1300 300 436 (sa kasamaang palad, kami ay nagsasalita lamang sa Ingles) o tawagan ang Migrant Resource Centre na pinakamalapit sa inyo o ang mga samahan sa inyong komunidad.

Ang *Interchange* ay Gumagana Para sa mga Kabataang Maykapansanan
Hali na Kayo sa *Interchange*!